

## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Ang mga pangkat ng katutubo sa Pilipinas ay nahahati sa dalawa—ang nakararaming pangkat ng katutubo (*major*) at ang kakaunting pangkat ng katutubo (*minor*). Tungkol sa nakararaming pangkat ng katutubo ang modyul na ito. Ang mga pangkat pangkultura ay mayroong sariling o katutubong salita (*dialects*), kilos o gawi, kaugalian o tradisyon at paniniwala.

Binubuo ng tatlong aralin ang modyul na ito:

Aralin 1 – *Kilala Mo Ba Kami?*

Sa bahaging ito, ipakikilala ang iba't ibang nakararaming pangkat ng katutubo. Ituturo din sa atin ng bahaging ito na ang mga pangalan ng iba't ibang pangkat ng katutubo ay kaugnay sa kanilang salitang ginagamit.

Aralin 2 – *Ang Pamana ng Ating Bansa*

Magtatalakay ang araling ito tungkol sa katangian at kakanyahan o kagawian ng bawat nakararaming pangkat ng katutubo.

Aralin 3 – *Mga Pagdiriwang o Piyestang Pilipino*

Maglalahad ang araling ito ng mga awit, sayaw, at pananamit ng mga nakararaming pangkat ng katutubo.



## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- matutukoy ang walong nakararaming pangkat ng katutubo;
- maisasalarawan ang mga katangian (*traits*) at gawing pangkalinangan (*cultural practices*) na natatangi sa mga pangkat na ito gayundin ang mga karaniwan sa kanila; at
- matutukoy ang mga awit, sayaw, at pananamit ng mga katutubong pangkat na ito.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago tayo magsimula sa ating mga aralin sa modyul na ito, sagutin muna ang sumusunod na mga katanungan. Ito ay upang makita kung mayroon ka nang nalalaman tungkol sa paksa.

Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang na nakalaan sa kaliwa ng bawat bilang.

_____ 1. Anong pangkat ng katutubo nabibilang ang mga taong naninirahan sa Isabela?

a. Tagalog
b. Ilonggo
c. Ilocano
d. Pangasinense

_____ 2. Anong pangkat ng katutubo nabibilang ang mga taong naninirahan sa Batangas?

a. Tagalog
b. Pangasinense
c. Bicolano
d. Ilonggo

_____ 3. Anong pangkat ng katutubo nabibilang ang mga taong naninirahan sa Masbate?

a. Waray
b. Bicolano
c. Tagalog
d. Ilocano

_____ 4. Anong pangkat ng katutubo nabibilang ang mga taong naninirahan sa Negros Occidental?

a. Waray
b. Bicolano
c. Ilonggo
d. Tagalog

_____ 5. Anong pangkat ng katutubo nabibilang ang mga taong naninirahan sa Bohol?

a. Waray
b. Cebuano
c. Ilonggo
d. Ilocano

_____ 6. Aling pangkat ng katutubo ang kilala bilang pinakamatipid?

a. Kapampangan
b. Pangasinense
c. Ilocano
d. Waray

_____ 7. Aling pangkat ng katutubo ang kilala sa paggamit ng gata ng niyog at siling maanghang sa kanilang pagkain?

a. Ilocano
b. Bicolano
c. Pangasinense
d. Waray

_____ 8. Aling pangkat ng katutubo ang kilala sa kanilang pagiging malambing o mahinahon?

a. Kapampangan
b. Ilocano
c. Ilonggo
d. Waray

_____ 9. Ang awit na *Atin Cu Pung Singsing* ay mula sa anong pangkat ng katutubo?

a. Ilocano
b. Pangasinense
c. Kapampangan
d. Tagalog

_____ 10. Ang awit na *Sarung Banggi* ay mula sa anong pangkat ng katutubo?

a. Waray
b. Ilonggo
c. Bicolano
d. Tagalog

_____ 11. Alin ang awit ng mga Tagalog?

a. Lulay
b. Kaslonan
c. Sa Kabukiran
d. Usahay

_____ 12. Ang *Sapatya* ay sayaw mula sa anong pangkat ng katutubo?

a. Kapampangan
b. Ilocano
c. Waray
d. Bicolano

_____ 13. Ang *Saguin-saguin* ay sayaw mula sa anong pangkat ng katutubo?

a. Bicolano
b. Waray
c. Ilonggo
d. Tagalog

_____ 14. Paano ipinapakita ng mga Pilipino ang kanilang paggalang sa mga nakatatanda?

a. sa pagsagot ng ho, oho, po, at opo
b. sa pagmamano o paghalik ng kamay sa nakatatanda
c. parehong a at b
d. sa magandang pagtanggap ng mga panauhin

Ihambing ang iyong mga kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pp. 31–33.

Ngayon, kumusta ang iyong pagsagot sa mga katanungan? Nasagutan mo ba nang wasto ang lahat ng mga tanong? Kung oo, napakagaling. Ipinapakita nito na marami ka nang nalalaman tungkol sa paksa. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul na ito upang balik-aralan ang iyong mga nalalaman. Malay mo, baka may matutuhan ka pang ilang bagay.

Kung nakakuha ka ng mababang puntos, huwag sanang sumama ang iyong loob. Ang modyul na ito ay para sa iyo! Ito ay makatutulong sa iyo na maintindihan ang ilang mahahalagang konsepto na maaari mong gamitin sa iyong pang-araw-araw na buhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, iyong matututuhan ang mga sagot sa lahat ng mga tanong sa pagsubok at marami pang iba! Handa ka na ba?

Maaari ka nang tumungo sa susunod na pahina at simulan ang Aralin 1.

# ARALIN 1

# Kilala Mo Ba Kami?

Sa araling ito, matututuhan mo ang tungkol sa iba't ibang nakararaming pangkat ng katutubo sa Pilipinas. Iyong malalaman ang tungkol sa ating mga kapatid na Pilipino mula sa iba't ibang mga bahagi ng bansa.

Matapos pag-aralan ito, inaasahang mailalarawan mo ang iba't ibang nakararaming pangkat ng katutubo sa ating bansa at matutukoy ang iba't ibang mga rehiyon kung saan nakatira ang mga pangkat ng katutubong ito.



## Pag-aralan at Suriin Natin ito

Basahin ang mga pagbati sa ibaba. Alam mo ba kung ano ang kanilang ibig sabihin?

**Maayong Buntag**

**Mayap A Abac**

**Maayong Aga**

**Naimbag Nga Agsapa**

**Maupay Ha Aga**

**Maray Na Aga**

**Magandang Umaga**

**Masantosyak Kabuasan**

Ang mga pagbating nakasulat ay mula sa iba't ibang katutubong salita. Ang ibig nilang sabihin ay "Magandang Umaga!" Matutukoy mo ba kung aling mga katutubong pangkat ang gumagamit ng mga pagbating ito? Aling katutubong salita ang ginagamit mo sa iyong mga pagbati?

________________________________________________________


________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

## Alamin Natin

Upang masagutan ang mga tanong, kailangang alamin muna natin kung ano ang katutubong pangkat.




**Nakararaming Katutubong Pangkat sa Pilipinas**

1. Tagalog
2. Ilocano
3. Bicolano
4. Pangasinense
5. Kapampangan
6. Ilonggo
7. Cebuano
8. W'aray

Ang katutubong pangkat ay pangkat ng mga tao na mayroong sariling katutubong salita, paniniwala, nakagawian (*customs*), at kaugalian (*traditions*).

Mahigit sa 100 pangkat ng katutubo ang kinikilala sa ating buong bansa. Nahahati ang mga ito sa dalawang pangkat—ang nakararaming katutubong pangkat at ang kakaunting katutubong pangkat. Nakatala sa itaas ang walong (8) nakararaming katutubong pangkat. May 90 porsiyento ng mga Pilipino ang kabilang sa nakararaming pangkat ng katutubo. Tingnan ang mapa upang makita kung saan matatagpuan ang mga katutubong pangkat na ito.

## Basahin Natin Ito



Halina't libutin natin ang buong Pilipinas habang nilalakbay natin ang mga lugar kung saan naninirahan ang nakararaming katutubong pangkat.

Nahahati ang Pilipinas sa tatlong malalaking pangkat ng mga pulo: Luzon, Visayas, at Mindanao.

Ang Luzon ay ang pinakamalaking pulo sa Pilipinas. Nahahati ito sa pitong rehiyon: ang National Capital Region (NCR), Ilocos Region, Cordillera Autonomous Region, Cagayan Valley, Central Luzon, Southern Tagalog, at Bicol Region.

*Magandang Umaga!*




Ang Manila ay nasa National Capital Region. Ito ang sentro ng mga Tagalog. Ang Tagalog bilang katutubong salita ay ginagamit hindi lamang sa Metro Manila kundi gayon din sa iba pang lalawigan tulad ng Bulacan, Laguna, Batangas, Cavite, Palawan, Mindoro, Romblon, Marinduque, Rizal, Bataan, at Zambales. Ang mga tao, tulad ng kanilang katutubong salita ay tinatawag na Tagalog.

*Naimbag Nga Agsapa!*




Halina't pumunta tayo ngayon sa Ilocos Region o Ilocandia. Dito, ang mga tao ay nagsasalita ng Ilocano. Ang mga tao ay tinatawag na Ilocano. Matatagpuan sila sa Ilocos Norte, Ilocos Sur, Isabela, Cagayan, La Union, at gayon din sa iba pang bahagi ng Abra, Pangasinan, at Zambales.

*Masantosyak Kabuasan!*




Ang mga Pangasinense ay matatagpuan sa Pangasinan. Sila ay kilala sa paggawa ng inimbak na isdang tinatawag na *bagoong.* Ang mga taong ito ay kilala din bilang "Panggalatoc." Sumasakop ang Pangasinan sa Dagupan, Alaminos, Hundred Islands, at iba pa.

## Magbalik-aral Tayo

A. Iugnay ang iba't ibang katutubong pangkat sa mga tamang lalawigan o lugar kung saan ang karamihan sa kanila ay matatagpuan. Ikabit ang magkapareha sa pamamagitan ng guhit.

| | |
|---|---|
| Tagalog | Isabela |
| Ilocano | Alaminos |
| Panggalatoc | Rizal |

B. Sagutin ang sumusunod na mga katanungan.

1. Anu-ano ang tatlong malalaking pulo sa Pilipinas?

   ________________________________________________

2. Anu-ano ang pitong rehiyon sa Luzon?

   ________________________________________________


   ________________________________________________

Kumustahin natin ang iyong ginawa sa nakaraang gawain. Ihambing ang iyong mga kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 33–34.

## Alamin Natin


Ipagpatuloy natin ang pag-aaral tungkol sa iba pang nakararaming katutubong pangkat.

*Mayap A Abac!*




Halina't pumunta tayo ngayon sa Pampanga na nasa Central Luzon. Ang kanilang katutubong salita ay Kapampangan. Ang mga tao mula sa ilang bahagi ng Tarlac at Nueva Ecija ay nagsasalita din ng nabanggit na katutubong salita. Kilala ang Tarlac at Pampanga sa kanilang produksiyon ng bigas at asukal.

*Maray Na Aga!*



Maligayang pagdating sa Bicol. Ito ay sakop ng Katimugang Luzon. Ang mga Bicolano ay nakatira dito. Matatagpuan dito ang tanyag na Bulkang Mayon, na may taglay na halos perpektong hugis ng apa. Kilala rin ang rehiyong ito bilang "bayan ng abaka" (*abaca country*). Ito ay sa dahilang isa ang Bicol sa pinakamalaking pinagmumulan ng abaca. Ang mga Bicolano ay tanyag sa kanilang mga pagkain na mayroong gata ng niyog at siling maanghang. Ilan sa mga Bicolano ay nakatira rin sa Catanduanes, Masbate, Sorsogon, Camarines Sur, at Camarines Norte.



## Pag-isipan Natin Ito

Ikaw ba ay kabilang sa alin man sa mga nabanggit na katutubong pangkat? Mula sa anong pangkat ka kabilang? Kung hindi ka kabilang sa alin man sa mga pangkat na ito, may kilala ka bang kabilang sa mga katutubong pangkat na ito? Mula sa anong pangkat siya kabilang?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* na makikita sa pahina 34 ng modyul na ito.

## Alamin Natin

Nakarating ka na ba ng Visayas? Dito naninirahan ang iba pa nating nakararaming katutubong pangkat. Ang anim na malalaking pulo sa Visayas ay Negros, Samar, Panay, Cebu, Leyte, at Bohol. Naninirahan dito ang mga Waray, mga Ilonggo, at mga Cebuano.

*Maupay Ha Aga!*




Binubuo ang Silangang Visayas ng Leyte, Samar, at Biliran. Ito ang tahanan ng mga Waray. Ang San Juanico Bridge, na nagdudugtong sa pulo ng Leyte at Samar ay matatagpuan dito. Alam mo ba na ito ang pinakamahabang tulay sa Pilipinas?

*Maayong Aga!*





Ang mga Ilonggo o mga Hiligaynon ay kilala sa kanilang pagiging malambing o mahinahon. Kasabihan nang malumanay pa rin silang magsalita kahit galit na. Sila ay matatagpuan sa mga lalawigan ng Aklan, Capiz, Iloilo, Negros Occidental at Antique. Bilang pangunahing tagagawa ng asukal sa bansa, tinagurian ang Negros Occidental bilang 'Sugar Bowl' ng Pilipinas.

*Maayong Buntag!*



Ang Cebu o ang "Reynang Lungsod ng Timog" (*Queen City of the South*) ay tahanan ng mga Cebuano, ang pinakamalaki at nakararaming pangkat ng katutubo. Ang kanilang katutubong salita, na Cebuano, ay ginagamit din sa mga lalawigan ng Bohol, Siquijor, Negros Oriental, gayon din sa ilang bahagi ng Mindanao.

Ang Mindanao ang ikalawang pinakamalaking pangkat ng mga pulo sa Pilipinas. Ito ang tahanan ng mga Muslim, iba't ibang pangkat ng mga tribu at gayon din ng mga Kristiyano. Ang mga Kristiyanong nakatira dito ay gumagamit ng halong mga katutubong salita na Cebuano, Ilonggo, Tagalog, at Ilocano.



## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Isulat ang tamang katutubong grupo na matatagpuan sa mga lalawigang nakasulat sa kaliwang panig. Isulat ang iyong mga sagot sa kanang panig na nakalaan sa ibaba.

| Mga Lalawigan | Mga Katutubong Pangkat |
|---|---|
| Sorsogon | |
| Abra | |
| Bohol | |
| Dagupan | |
| Leyte | |
| Capiz | |
| Pampanga | |
| Bulacan | |

B. Sagutin ang sumusunod na mga katanungan. Isulat ang tamang sagot sa puwang na nakalaan.

____________ 1. Aling katutubong pangkat ang naninirahan sa rehiyon na kilalang "bayan ng abaka" o "abaca country"?

____________ 2. Aling katutubong pangkat ang kilala sa paggawa ng inimbak na isda o bagoong?

____________ 3. Aling katutubong pangkat ang nakararami sa Metro Manila?

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutang matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 34–35 ng modyul na ito.

## Tandaan Natin

Mahigit sa 100 katutubong pangkat ang matatagpuan sa ating bansa. Mula sa 100 na ito, walo (8) ang isinasaalang-alang bilang nakararaming pangkat. Nasa 90 porsiyento ng mga Pilipino ang kabilang sa nakararaming katutubong pangkat.

Kabilang sa mga ito ang sumusunod:

- Ang mga **Tagalog** ng National Capital Region (NCR)
- Ang mga **Ilocano** ng Hilagang Luzon (Ilocandia)
- Ang mga **Pangasinense** o mga Panggalatoc ng Pangasinan, gayon din sa Hilagang Luzon
- Ang mga **Kapampangan** ng Pampanga at ilang bahagi ng Tarlac
- Ang mga **Bicolano** ng ‘bayan ng abaka’
- Ang mga tao ng Visayas: ang mga **Cebuano**, na siyang pinakamalaking katutubong pangkat, ang mga **Waray,** at ang mga **Ilonggo**.

# ARALIN 2

# Ang Pamana o Pagkakakilanlan ng Ating Bansa

May kani-kanilang pamamaraan ng pamumuhay ang bawat katutubong pangkat o pangkat ng mga tao. Tinatawag na kultura o kalinangan ang pamamaraan ng pamumuhay. Binubuo ito ng dalawang bahagi: materyal (pagkain, bahay, pananamit) at hindi materyal (katangian, paniniwala, kaugalian, at iba pa). Ang mga bahagi ng kultura ay bahagi ng pamana o pagkakakilanlan ng ating bansa.


Matapos ang pag-aaral na ito, ikaw ay inaasahang:


1. matutukoy ang iba't ibang katangian, paniniwala, at nakagawian ng nakararaming katutubong pangkat; at
2. maihahambing kung anu-ano ang pagkakahalintulad nila at kung paano sila nagkakaiba sa bawat isa.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito


Tingnan ang mga larawan sa ibaba.






______________________________ ______________________________

______________________________ ______________________________






_______________________________ _______________________________
_______________________________ _______________________________

Anu-ano ang mga karaniwang katangian ng mga Pilipino na ipinakita sa bawat larawan? Isulat ang mga ito sa patlang sa ibaba ng mga larawan. Alam mo ba ang mga katangiang ito? Anu-ano ang mga katangiang taglay mo? Ano ang katangian?


Ang **katangian** ay kalidad o naglalarawan ng kakanyahan ng isang tao o pangkat. Bilang tao, anu-ano ang mga katangiang taglay mo? Kung ikaw ay matiyaga o masipag, ang mga ito ay katangian mo bilang tao. Bilang Pilipino, tayo ay may nagkakaisang katangian na nagbubukod-tangi sa atin mula sa ibang mga tao ng ibang kultura. Nagpapakita ang mga larawan sa itaas ng ilan sa mga katangiang mayroon tayo. Sumasakop ito sa ating pagiging relihiyoso, ating pagpapahalaga sa pagtutulungan o bayanihan, ating paggalang sa nakatatanda, at ating pagiging masipag. Bukod sa mga katangiang ito, tayo rin ay mayroong kaugalian o tradisyon na ipinamana sa atin ng ating mga ninuno. Ang halimbawa ng mga ito ay bayanihan, pagdiriwang ng piyesta, relihiyosong prusisyon, at marami pang iba.



## Alamin Natin


Halina't tingnan ang iba't ibang katangian ng ating mga kapatid na Pilipino.

**1. Pagiging Relihiyoso**



Ang mga **Bicolano** ay kilala sa pagiging relihiyoso. Karamihan sa kanila ay debotong Katoliko. Sa Lungsod ng Naga, ang Piyesta ng *Our Lady of Penafrancia* ay ipinagdiriwang ng pagdaraos ng prusisyon sa dagat. Ang mga Bicolano ay tahimik, palakaibigan, at masayahin.

Ang mga **Pangasinense**, tulad ng mga Bicolano, ay napakarelihiyoso rin. Mayroon din silang relihiyosong prusisyon sa dagat. Ang mga Pangasinenseng nabibilang sa ibang relihiyon ay mayroon ding kanilang panrelihiyong pagdiriwang. Masisipag ang mga Pangasinense. Nagsusumikap sila na magtrabaho ng pagbubungkal ng lupa sa sakahan. Sila rin ay gumagawa ng kahit anong trabaho o gawain.





**2. Matiyaga at Masipag**

Ang mga **Ilocano** ay matitiyaga at masisipag. Masisinop o matitipid din sila. Ang limitadong lupain para sa pagsasaka sa Ilocos ang marahil ay dahilan kung bakit sila ay nagsusumikap sa trabaho at lubos nilang pinahahalagahan ang kanilang salapi. Bukod sa pagsasaka, sila rin ay naghahabi ng mga tela at nag-aalaga ng mga hayop. Nagsusumikap sila sa kanilang trabaho upang pagkasyahin sa pangangailangan ng kanilang mag-anak at upang makamit ang kanilang mithiin.



Ang mga **Kapampangan** ay masisipag din. Sila ay tapat at mapagkakatiwalaan. Pinaninindigan nila ang kanilang pananaw at paniniwala. Sila ay madalas na pinagkakamaliang mapagmataas o mapagmalaki dahilan sa katangiang ito. Ang mga Kapampangan ay kilala rin sa kanilang galing sa pagluluto at sa kanilang kakaibang mga palayok at sisidlan.





## Pag-usapan Natin Ito

Makipag-usap sa iyong mga kaibigan o kapamilya tungkol sa sumusunod. Isulat ang iyong mga kasagutan sa patlang na nakalaan.


1. Anu-ano ang mabubuting dulot ng pagiging masinop o matipid, matiyaga, at masipag?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

2. Anu-ano ang ilang mga pamamaraan na nagpapakita ng iyong pananampalataya sa Panginoon? (Magbigay ng mga halimbawa.)
_______________________________________________________
_______________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutang makikita sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 35.



## Alamin Natin

Ipagpatuloy natin ang pagbabasa tungkol sa iba't ibang katangian at kaugalian ng ating mga kapatid na Pilipino.

**3. Palakaibigan at Maasikaso**




Ang mga **Ilonggo** ay kapansin-pansin sa pagiging maasikaso at palakaibigan. Sinasalubong nila ang kanilang panauhin ng *Hapit anay* ("Pumasok kayo, ituring ninyong nasa sarili kayong tahanan"). Marami silang nakagawian at nakaugalian. Sila ay nagsasabuhay ng Dagyao, na kahalintulad ng "*Bayanihan*" sa mga Tagalog. Dito, ang mga kapitbahay ay tumutulong sa bawat isa sa mga gawain sa bukid o sa pagtatayo ng bahay. Sa panahon ng anihan, sila ay salu-salo sa *pang-igma*, o isang pampamayanang kainan o piknik.

**4. Magalang**



Ang mga **Tagalog** ay napakamagalang. Sila ay gumagamit ng salitang *ho*, *oho*, *po*, at *opo* kapag nakikipag-usap sa mga nakatatanda. Humahalik sila sa kamay o nagmamano sa kanilang nakatatanda bago umalis at pagkadating ng bahay. Sila rin ay mayroong matibay na ugnayang pampamilya. Sila ay sumasangguni sa kapamilya o kamag-anak kapag mayroon silang suliranin o kung gumagawa ng pagpapasya. Ang mga Tagalog ay nagsasabuhay din ng *Bayanihan* o pagtutulungan.

**5. Matapang**



Kilala ang mga **Waray** bilang isa sa matatapang na katutubong pangkat. Tulad ng mga Kapampangan, pinaninindigan nila ang kanilang mga pananaw at paniniwala at ipaglalaban nila ito kung kinakailangan. Sila rin ay matiyaga at matulungin.

**6. Malikhain**



Ang mga **Cebuano** ay napakamalikhain. Ang pangkat na ito ang mayroong maraming magagaling at kilalang mang-aawit at mananangha. Kilala rin ang Cebu sa kanilang industriya ng paggawa ng gitara. Ang mga Cebuano ay mayroon ding matibay na ugnayang pampamilya. Nagdaraos sila ng mga pagtitipon o *reunion* tuwing mayroong pagdiriwang o okasyon tulad ng Pasko, piyesta, kaarawan, at binyag. Sa ganitong mga pagkakataon, sinisigurong makakasama pa rin ng pamilya ang mga mahal nila sa buhay na naninirahan na sa malayong lugar.



## Subukan Natin Ito

Isulat ang tamang sagot sa patlang na nasa kaliwang panig ng bawat bilang. Pumili mula sa mga salitang nasa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| maasikaso | magalang | positibong pag-iisip |
| mahilig sa kasiyahan | mapagmahal | relihiyoso |
| malikhain | matapang | matibay na ugnayan sa pamilya |

Anu-ano ang mga katangiang ipinapakita kapag ginagawa natin ang sumusunod?

___________ 1. Tayo ay humahalik sa kamay o nagmamano sa nakatatanda.

___________ 2. Tayo ay umaawit, sumasayaw, at nagtatanghal sa entablado.

__________ 3. Tayo ay hindi natatakot lumaban para sa ating paniniwala.

__________ 4. Tayo ay nagsisikap na iparamdam sa ating panauhin ang maluwat na pagtanggap o ang kagalakan sa kanilang pagdating.

__________ 5. Tayo ay nagdarasal para sa tulong at gabay.

__________ 6. Tayo ay nagdaraos ng mga pagtitipon o pagsasama-sama tuwing Pasko, kaarawan, at iba pa.

Ihambing ang iyong mga sagot sa kasagutang matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 35–36.



## Tandaan Natin

Tayong mga Pilipino ay may maraming mabubuting katangian tulad ng pagiging relihiyoso, maasikaso, magalang, matapang, masipag, malikhain, at iba pa. Ang mga katangiang ito ang nagbubukod-tangi sa atin mula sa ibang mga tao. Tayo rin ay mayroong magagandang nakaugalian o tradisyon, tulad ng bayanihan o dagyao, pagtitipon ng pamilya, pang-igma o pagsasalu-salo at panrelihiyong prusisyon. Ang mga katangian at tradisyong ito ang ipinamana sa atin ng ating mga ninuno. Gayundin ang ating gagawin sa susunod na henerasyon, ang ipamana ang ating nakagisnang tradisyon. Ito ang dahilan kung bakit ang mga katangian, paniniwala at tradisyong ito ay ang pagkakakilanlan ng ating bansa.

# ARALIN 3

# Piyestang Pilipino

Nakarating ka na ba sa piyesta ng isang bayan? Hindi ba't isang kapana-panabik na karanasan ang dumalo sa isang piyesta? Ang mga bahay at kalsada ay napapalamutian ng mga banderitas. Nakabihis ang mga tao ng kanilang pinakamagarang kasuotan. Ang mga awit at sayaw ay nakapupuno ng kagalakan sa iyong puso.

Ang pagbabasa ng araling ito ay tulad ng pagpunta sa isang piyesta ng bayan. Makikita mo ang mga pananamit at maririnig mo ang mga awit at sayaw ng iba't ibang mga katutubong pangkat.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Noon ay buwan ng Hunyo. Ang bayan ng Calamba, Laguna ay nagdiriwang ng kanilang piyesta ng bayan. Nagtungo ang mag-anak ni Noel sa kanilang tinubuang bayan upang dalawin ang kanilang mga lolo at lola gayun din upang makasali sa pagdiriwang ng bayan ng kanilang piyesta. Matapos magbigay-galang sa mga nakatatanda, nagtungo si Noel sa plasa kasama ng kanyang nanay upang manood ng nakatakdang programa sa araw na iyon. Nang magsimula ang sayaw, napansin ni Noel ang mahahabang mga kasuotan ng mga mananayaw. Napagtanto din niya na kaiba ang musikang pinatutugtog sa mga kalimitan niyang naririnig sa Maynila. Nasiyahan siya sa panonood ng mga sumasayaw na babaeng may baso sa kanilang ulo at mga kamay. Subalit natawa siya nang malakas nang ang isang baso ay nahulog at nabasag. Ang mga taong katabi ni Noel ay galit na tumingin sa kanya.

Ano ang masasabi tungkol sa ikinilos ni Noel? Sa palagay mo, bakit siya kumilos ng gayon? Ano ang iyong mararamdaman kung ikaw ay isa sa mga mananayaw? Kung ikaw si Noel, ano ang nararapat mong gawin?

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Narito ang maaaring kasagutan:

Kumilos ng gayon si Noel sapagkat hindi niya alam ang mga paniniwala at tradisyon sa Laguna. Kaya nga mahalaga na subukan nating alamin ang tungkol sa mga awit at sayaw ng iba't ibang katutubong pangkat sa ating bansa. Mahalaga ang mga awit at sayaw sapagkat nagsasalamin ang mga ito sa paniniwala at tradisyon ng ating mga kapatid na Pilipino. Kung ako ay isa sa mga mananayaw, masasaktan ako kung mayroong tumawa sa aking pagkakamali. Nararapat si Noel na humingi kaagad ng paumanhin.



## Makinig Tayo

Upang maiwasan ang pagkakamaling tulad ng nagawa ni Noel, ating pag-aralan ang tungkol sa iba't ibang mga awit at sayaw ng ating mga kapatid na Pilipino. Kuhanin ang iyong *cassette tape* at *player*. Halina't makinig tayo sa mga awit mula sa iba't ibang rehiyon ng ating bansa.

A. Patugtugin ang musika. Habang nakikinig, subukang sagutin ang sumusunod na mga katanungan.

1. Anu-ano ang pamagat ng mga awit?

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

2. Anu-anong instrumentong pangmusika ang ginamit?

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

3. Ang musika ba ay masaya o malungkot?

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

4. Nasiyahan ka ba sa pakikinig ng musika?

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

5. Mahuhulaan mo ba ang mensahe ng mga musika? Ano ang mensahe ng unang awit? ng ikalawa? ng ikatlo?

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

   ____________________________________________________

B. Pahintuin ang pagtugtog ng tape sa ilang sandali at balik-sulyapan ang mga katanungan sa itaas. Isulat muna ang iyong mga kasagutan bago tumungo sa susunod na hakbang. Huwag mag-alala kung hindi mo masagutang lahat.

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutang matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 36.

C. Patugtuging muli ang tape. Sa pagkakataong ito, tingnan ang mga titik ng awit sa ibaba. Awitin kasabay ang musika.

## ATIN CU PUNG SINGSING

**(Kapampangan)**

Atin cu pung singsing
Metung yang timpucan
Amana que iti
Qng indung ibatan
Sangcan queng sininup
Qng metung a caban
Mewala ya iti
Ecu camalayan

Qng sucal ning lub cu
Susucdul qng banua
Mengurus cung gamat
Babo ning lamesa
Ninumang manaquit
Qng singsing cung mana
Calulung pusu cu
Manginu ya que ka.

## PAMULINAWEN

**(Ilocano)**

Pamulinawen pusok imdengamman
Toy umas-asog agrayo ia sadiam
Panunotermman, di ka pagintutulngan
Toy agayat, agrayo ita sadiam

Essem ti diak kalipatan
Ta nasudi unay a nagan
Uray sadin ti ayan, disso sadino man
No malagipka, pusok ti mabang-aran.

## SARUNG BANGGI

**(Bicolano)**

Sarong banggi sa higdaan
Nakadanog ako, hinuni nin sarong gamgam
Sa liba ko, katorogan
Bako kundi simong voces iyo palan

Dagos ako banggon si sakuyang mata iminuklat
Sa tahaw nin kadikluman ako nangangalagkalag
Si sakuyang mata ipinasiring ko sa itaas.

Kumusta? Nasiyahan ka ba sa pag-awit ng ating mga katutubong awit?

Tingnan natin ang mas mahabang tala ng mga katutubong awiting Pilipino na nasa ibaba.

Ilan lamang sa ating katutubong awitin ang mga kantang iyong napakinggan at inawit.

| Nakararaming Katutubong Pangkat | Mga Awit |
|---|---|
| Tagalog | Dalagang Filipina, Cariñosa,<br>Sinisinta Kita, Sa Kabukiran,<br>Bundok Banahaw |
| Ilocano | Pamulinawen, Paskua,<br>Sunita, Damdamili |
| Bicolano | Sarung Banggi, Paturog-turog |
| Cebuano | Usahay, Ang Kalapati |
| Kapampangan | Atin Cu Pung Singsing |
| Ilonggo | Ay, Ay Kalisud, Ang Alibangbang,<br>Lulay, Bulak Sang Pilipinas |
| Pangasinense | No Siak Sa Mangaro |
| Waray | Maupay na Pasko, Kaslonan |



## Subukan Natin Ito

Alam mo ba ang alin man sa mga awiting ito? Mayroon ka bang kaibigan o kamag-anak na nabibilang sa mga nakararaming katutubong pangkat? Tanungin mo siya kung alam niya ang alin man sa mga awit mula sa listahan. Kung alam niya ang alin man sa mga awit, hilingin mo sa kanyang awitin ito para sa iyo. Pakinggan mo itong mabuti.



## Basahin Natin Ito

Ngayon, titingnan mo ang mga larawang nagpapakita ng ilan sa ating mga katutubong sayaw. Sa ating mga Pilipino ang mga sayaw na ito ay nagpapakita ng damdamin ng piyesta at ating pagmamahal sa buhay. Nagpapahayag ang mga ito ng simpleng kasiyahan sa ating buhay, ang ligayang ating matatagpuan sa gawain gayun din sa ating musika. Pagmasdan ang iba't ibang pananamit na suot ng mga mananayaw. Ito rin ay nagpapakita ng kayamanan ng kulturang Pilipino.




**Subli**

*(Tagalog)*

Nagmula ang sayaw na ito sa lalawigan ng Batangas. Ang salitang subli ay mula sa dalawang salitang Tagalog, subsub at bali. Sa sayaw na ito, ang mga lalaki ay nakasubsob na tila pilay at nakabaluktot, samantala ang mga babae ay sumasayaw ng mayroong sombrero.

**Sapatya**

*(Kapampangan)*




Mula sa baryo ng Manibaug, Porac, Pampanga ang sayaw na ito. Ang mga magsasaka ang kadalasang sumasayaw nito sa panahon ng pagtatanim bilang pag-aalay para sa mabuti o masaganang ani.

**Sakuting**
*(Ilocano)*



Ang sayaw na ito na nagmula sa Abra ay orihinal na sinasayaw ng mga lalaki lamang. Nagpapakita ito ng tila paglalaban na gumagamit ng mga patpat sa pakikipaglaban. Ang sayaw ay kadalasang sinasayaw sa tanghalan ng bayan kung saan ang mga nanonood ay nagbibigay sa mga mananayaw ng aginaldo o regalo.

**Tinikling**
*(Waray)*



Ito ang ating pambansang sayaw. Ang sayaw na ito ay mula sa Leyte. Ginagaya rito ng mga mananayaw ang galaw o kilos ng ibong tikling habang ito'y lumulukso sa pagitan ng mahahabang kawayan.



## Pag-isipan Natin Ito

Napanood mo na ba ang mga sayaw na ito? Nagustuhan mo ba sila? Sa palagay mo ba ay kaya mong isayaw ang alin man sa kanila? Ano ang masasabi mo tungkol sa mga pananamit o kasuotan ng mga mananayaw?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutang matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 36 ng modyul na ito.

Ipagpatuloy natin ang pagbabasa tungkol sa mga sayaw ng ating mga kapatid na Pilipino.




### Regatones
*(Ilonggo)*

Ang sayaw na ito ay mula sa Cadiz City, Negros Occidental. Noong sinaunang panahon, ang mga regatones o naglalako ng isda at lab-aseros (mga babaeng mamimili ng isda) ay naghihintay sa mga mangingisda. Habang naghihintay, sila ay nagbibiruan sa isa't isa sa pamamagitan ng pagsayaw ng mga hakbang nito. Ang mga regatones ay paglalaruan ang kanilang tuwang-tuwangan (patpat na kawayan) na mayroong paraka (kahoy na basket).

### Binasuan
*(Pangasinense)*

Ito ay masiglang sayaw mula sa Bayambang, Pangasinan. Ang ibig sabihin ng Binasuan "paggamit ng basong inuman." Ang mga mananayaw ay marahang pinagagalaw ang mga basong inuman na may lamang alak-bigas.





### Kuratsa
*(Cebuano)*

Ito ay sayaw mula sa Bohol, subalit kilala rin sa mga Ilocano. Ito ay katamtamang estilo ng waltz. Dito, ang mga mananayaw ay ginagaya ang ligawan ng mga kabataan.

**Saguin-Saguin**
*(Bicolano)*



Ito ay sayaw ng panliligaw na nagmula sa Bicol. Isinasalaysay nito ang kuwento ng may-ari ng kakahuyan na sinayawan ang kanyang mga manggagawa. Isa sa kanyang manggagawa ay nagsama ng isang kamag-anak, na isang magandang babae. Nakipagsayaw siya sa babae hanggang sa niligawan niya.



## Subukan Natin Ito

Sagutan natin ang sumusunod:

A. Alin sa ating mga katutubong sayaw ang pinakagusto mo? Bakit?

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

B. Ang mga titik ng mga salita sa ibaba ay halu-halo. Isaayos ang mga ito upang makita ang iba't ibang katutubong sayaw. Halimbawa: waysa – sayaw

PASTAYA
SUKATAR
LIBUS
KINLITING
SENAGERTO
NUASBINA

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutan na matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.



## Pag-usapan Natin Ito

Ibahagi sa iyong mga kaibigan o kamag-anak ang mga katutubong sayaw na iyong natutuhan sa modyul na ito. Itanong sa iyong magulang o kamag-anak kung pamilyar sila sa mga sayaw na ito. Tanungin mo rin sila tungkol sa ibang katutubong sayaw na alam nila.



## Tandaan Natin

Nasasalamin ang yaman ng kulturang Pilipino sa iba't ibang awit at sayaw na umiiral sa ating bansa. Mayroon tayong mga awit at mga sayaw mula sa iba't ibang nakararaming katutubong pangkat. Sila ay maaaring nakasulat sa iba't ibang katutubong salita at sinasayaw sa maraming galaw subalit nagpapakita sila ng ating iba't ibang katangian o kakanyahan bilang tao. Sinasalamin nila ang ating pagiging masayahin, ating pagmamahal sa buhay, ang simpleng kasiyahan na mayroon tayo, at ang ating pagkilala sa kalikasan. Karamihan sa ating mga awit at mga sayaw ay tungkol din sa panliligaw at pag-ibig. Ipinapakita nito ang ating katangian bilang romantikong tao.



## Ibuod Natin

Sa ating bansa, mayroon tayong higit sa 100 katutubong pangkat. Ang mga katutubong pangkat ay mga pangkat ng mga taong may magkakaparehong salita, katangian o kakanyahan, paniniwala, na kagawian at kaugalian o tradisyon. Nahahati ang mga pangkat na ito sa dalawa—ang nakararami at ang kakaunting katutubong pangkat. Humigit-kumulang na 90 porsiyento ng mga Pilipino ang nabibilang sa nakararaming katutugong pangkat. Ang mga ito ay Tagalog, Ilocano, Pangasinense, Kapampangan, Bicolano, Ilonggo, Waray, at Cebuano.

Nagpamana sa atin ang ating mga ninuno ng maraming mabubuting katangian. Kasama dito ang ating pagiging maasikaso, magalang, matapang, matiyaga at masipag, relihiyoso, malikhain, at iba pa. Sila ay nag-iwan rin sa atin ng magagandang mga awit at mga sayaw na nagsasalamin ng ating mga pangarap at mithiin.

Bagama't maaaring nabibilang tayo sa iba't ibang katutubong pangkat at nagsasalita ng iba't ibang katutubong wika, tayo ay nagkakaisa. Nagkakabuklod tayo sa ating mithiin, katangian at paniniwala sa Panginoon. Tayo ay isa kahit sa ating mga awit at mga sayaw, tulad ng ating mga awit na nagtatalakay tungkol sa ating buhay, pag-ibig, at kahit kamatayan. Nabibilang tayong lahat sa lahing Pilipino at nararapat nating ipagmalaki ito.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

1. Magbigay ng limang pangalan ng nakararaming pangkat ng katutubo sa Pilipinas kasama ang kanilang mga awit at mga sayaw. Isulat ang inyong mga sagot sa talahanayan sa ibaba. (10 puntos)

| Nakararaming Katutubong Pangkat | Mga Awit | Mga Sayaw |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |

2. Pumili ng alin mang dalawang nakararaming pangkat ng katutubo. Isulat ang mga bagay na nagkakapareho sila gayundin paano sila nagkakaiba sa isa't isa. (2 puntos)

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. Sa iyong palagay, mahalaga ba na pag-aralan ang tungkol sa walong nakararaming katutubong pangkat? Bakit? (2 puntos)

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutang matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 37–38.

Kung ang iyong puntos na nakuha ay:

| | |
|---|---|
| 0 – 5 | Kailangan mong ulitin ang buong modyul. |
| 6 – 9 | Balik-aralan ang mga bahagi ng modyul na hindi mo naintindihan. |
| 10 – 12 | Mabuti! Balik-aralan lamang ang mga katanungan na hindi mo nasagutan nang tama. |
| 13 – 14 | Napakagaling! Marami kang natutuhan mula sa modyul na ito. Maaari kang magpatuloy sa sumusunod. |

# Batayan sa Pagwawasto

## A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–5)*

1. **(c)** ang tamang sagot. Nasa Rehiyon ng Ilocos ang Isabela. Ang mga tao sa Isabela ay mga Ilocano.

   Kung ang iyong sagot ay (a), (b), o (d), ikaw ay mali. Ang mga Tagalog ay matatagpuan sa NCR at kalapit na lalawigan. Ang mga Ilonggo ay mga taong nakatira sa Iloilo, Capiz, at iba pang karatig-lalawigan, samantalang katutubo naman ng Pangasinan ang mga Pangasinense.

2. **(a)** ang tamang sagot sapagkat ang Batangas ay nasa National Capital Region. Nagsasalita ng Tagalog ang mga tao rito.

   Kung ang iyong sagot ay (b), (c) o (d), ito ay mali. Bagama't, may matatagpuan kang ilang Pangasinense, Bikolano, at Ilonggo na nakatira sa Batangas, ang karamihan sa mga tao rito ay nagsasalita ng Tagalog at nabibilang sa katutubong pangkat na ito.

3. **(b)** ang tamang sagot. Ang mga tao sa Masbate ay bahagi ng katutubong pangkat na Bicolano.

   Kung ang iyong sagot ay (a), (c) o (d), ito ay mali. Bagama't may matatagpuan kang ilang Tagalog, Ilocano, at Waray na nakatira sa Masbate, karamihan ng mga tao roon ay katutubong Bicolano.

4. **(c)** ang tamang sagot sapagkat nasa Visayas ang Negros Occidental. Ang mga tao rito ay mga Ilonggo.

   Kung ang iyong sagot ay (a), (b) o (d), ikaw ay mali. Ang mga Waray at mga Cebuano ay katutubong pangkat din sa Visayas subalit ang mga tao sa Negros Occidental ay mga Ilonggo. Mga Ilocano ang mga taong naninirahan sa Hilagang Luzon.

5. **(b)** ang tamang sagot sapagkat nasa Visayas ang Bohol. Ang mga Boholano ay nagsasalita ng Cebuano.

   Kung ang sagot mo ay (a), (c) o (d), ikaw ay mali. Katutubong pangkat din sa Visayas ang mga Ilonggo at Waray, subalit ang nakararaming mga taong nakatira sa Bohol ay mga Cebuano. Ang mga Ilocano ay katutubo ng rehiyong Ilocos.

6. **(c)** ang tamang sagot. Kilala ang mga Ilocano sa pagiging matipid. Ito ay dahil sa limitado ang lupa sa Ilocos kaya sila ay kailangang magtrabaho ng mabuti at pag-isipang mabuti ang paggugol ng salapi.

   Kung iyong sagot ay (a), (b) o (d) ikaw ay mali. Ang mga pangkat ng Kapampangan, Pangasinense, at Waray sa pangkalahatan ay hindi kilalang matipid.

7. **(b)** ang tamang sagot. Kilala ang mga Bicolano sa kanilang mga pagkain na may gata at maanghang na sili. Kung ang iyong sagot ay (a), (c) o (d), ito ay mali. Ilan sa mga Ilocano, Pangasinense, at Waray ay nagugustuhan ang mga pagkaing may gata at maanghang na sili. Subalit higit na kilala ang mga Bicolano sa kanilang mga pagkain na may gata at maanghang na sili.

8. **(c)** ang tamang sagot. Kilala ang mga Ilonggo sa pagiging malumanay. Kapansin-pansin na malumanay pa rin silang magsalita kahit galit na. Kung ang iyong sagot ay (a), (b), o (d) ang iyong sagot ay mali. Ang mga Kapampangan, Ilocano, at Waray ay kilala sa pagsasalita nang mabilis at malakas.

9. **(c)** ang tamang sagot. Ang *Atin Cu Pung Singsing* ay katutubong awit ng Kapampangan. Kung iyong sagot ay (a), (b), o (d), ikaw ay mali. Nakasulat ang *Atin Cu Pung Singsing* sa Kapampangan. Ang pamagat ay nangangahulugang "Mayroon akong singsing."

10. **(c)** ang tamang sagot. Ang “Sarung Banggi” ay isang katutubong awit ng Bicolano. Kung ang sagot mo ay (a), (b), o (d) ang iyong sagot ay mali. Ang “Sarung Banggi” ay nakasulat sa Bicolano.

11. **(c)** ang tamang sagot. Ang *Sa Kabukiran* ay isang katutubong awit ng Tagalog. Kung ang sagot mo ay (a) *Lulay*, mali ang iyong sagot. Isang awit na nagmula sa mga Ilonggo ang *Lulay*. Kung ang iyong sagot ay (b) *Kaslonan*, mali ang iyong sagot. Isang awit mula sa mga Waray ang *Kaslonan*. Kung ang sagot mo ay (d) *Usahay*, mali ang iyong sagot. Katutubong awit ng mga Cebuano ang *Usahay*.

12. **(a)** ang tamang sagot. Ang *Sapatya* ay isang katutubong sayaw na ginagawa upang humiling ng mabuti o masaganang ani. Kung ang iyong sagot ay (b), (c) o (d), mali ang iyong sagot.

13. **(a)** ang tamang sagot. Ang *Saguin-saguin* ay isang katutubong sayaw ng Bicolano. Kung ang iyong sagot ay (b), (c), o (d), mali ang iyong sagot.

14. **(c)** ang tamang sagot (parehong a at b). Ang pagmamano o paghalik sa kamay ng nakatatanda at ang pagsagot ng po, opo, ho, at oho ang ilan sa mga paraan ng ating pagpapakita ng paggalang sa kanila. Kung ang sagot mo ay (d), mali ang iyong sagot. Ang mabuting pagtanggap sa ating mga panauhin ay nagpapakita ng ating pagiging maasikaso.

## B. Aralin 1

*Pag-aralan at Suriin Natin Ito (pahina 6)*


Inaasahang ang bawat mag-aaral ay magbibigay ng iba’t ibang kasagutan.

Narito ang aking sagot:

Ang katutubong salita na ginagamit ko at ng aking pamilya ay Cebuano.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 9)*

A.



Ang Isabela ay nasa Rehiyon ng Ilocos. Ilocano ang mga tao sa Isabela.

Ang Alaminos ay isang bayan sa Pangasinan. Pangasinense o mga Panggalatoc ang mga tao sa Pangasinan.

Ang Rizal ay nasa National Capital Region (NCR). Tagalog ang mga tao sa Rizal.

B. 1. Ang Luzon, Visayas, at Mindanao ay ang malalaking pangkat ng pulo sa Pilipinas.

2. Ang pitong rehiyon sa Luzon ay: National Capital Region (NCR), Ilocos Region, Cordillera Autonomous Region, Cagayan Valley, Central Luzon, Southern Tagalog, at Bicol Region.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 10)*

Inaasahan na ang bawat mag-aaral ay magbibigay ng iba't ibang kasagutan.

Narito ang maaaring sagot:

Ako at aking pamilya ay nabibilang sa katutubong pangkat ng Ilocano.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 12–13)*

A.

| **Mga Lalawigan** | **Mga Katutubong Pangkat** |
|---|---|
| Sorsogon | Bicolano |
| Abra | Ilocano |
| Bohol | Cebuano |
| Dagupan | Pangasinense o Panggalatoc |
| Leyte | Waray |
| Capiz | Ilonggo |
| Pampanga | Kapampangan |
| Bulacan | Tagalog |

B. 1. Nakatira ang mga Bicolano sa rehiyon ng Bicol na kilala bilang “bayan ng abaka”

2. Kilala ang mga Pangasinense sa kanilang bagoong na isda.

3. Tagalog ang karamihan ng mga tao sa Metro Manila.

## C. Aralin 2

*Pag-usapan Natin Ito (pp. 16–17)*

Inaasahan na ang bawat mag-aaral ay magbibigay ng iba’t ibang kasagutan.

Narito ang maaaring kasagutan:

Kapag matipid ang isang tao, nagugugol niya nang mabuti ang kanyang salapi. Naiimpok niya at nailalaan ang kanyang salapi para sa mas mahalagang bagay. Malalagpasan natin ang anumang mahirap na sitwasyon kung tayo ay matiyaga at masipag.

Naipapakita natin ang ating paniniwala sa Panginoon sa pamamagitan ng pagdarasal sa Kanya upang humingi ng tulong at gabay.

*Subukan Natin Ito (pp. 18–19)*

1. <u>Magalang</u> ang tamang sagot. Tayong mga Pilipino ay nagpapakita ng paggalang sa ating nakatatanda sa pamamagitan ng paghalik sa kanilang mga kamay bago tayo umalis ng bahay at pagdating sa ating bahay.
2. <u>Malikhain</u> ang tamang sagot. Ang mga Pilipino ay malikhain. Tayo ay nakaaawit, nakasasayaw, at nakapagtatanghal nang mabuti sa entablado.
3. <u>Matapang</u> ang tamang sagot. Matatapang tayong mga Pilipino. Hindi tayo natatakot na ipaglaban ang ating mga paniniwala.
4. <u>Maasikaso</u> ang tamang sagot. Ipinakikita natin ang ating pagiging maasikaso sa pamamagitan ng mabuting pagtanggap sa ating mga panauhin .
5. <u>Relihiyoso</u> ang tamang sagot. Nagdarasal ang mga Pilipino sa Panginoon upang humingi ng tulong at gabay.

6. Matibay na ugnayang pampamilya ang tamang sagot. Pinahahalagahan ng mga Pilipino ang kanilang mga pamilya. Ito ang dahilan kung bakit nagdaraos sila ng pagsasama-sama sa panahon ng Pasko, kaarawan, at iba pang natatanging okasyon.

## D. Aralin 3

*Makinig Tayo (pp. 21–22)*

A. 1. Atin Cu Pung Singsing, Pamulinawen, Sarung Banggi

2–3 (Maaaring mag-iba ang mga kasagutan batay sa uri ng musika.)

4. (May iba't ibang kasagutan sa mga tanong. Inaasahan ang bawat mag-aaral na magbigay ng iba't ibang kasagutan.)

5. Ang Atin Cu Pung Singsing ay tungkol sa nawawalang singsing ng isang batang babae. Napakahalaga sa kanya ng singsing sapagkat bigay ito ng kanyang nanay. Pumapayag siyang ibigay ang kanyang puso sa sinumang lalaki na makahahanap ng kanyang singsing.

Ang Pamulinawen ay isang awit ng pag-ibig o panunuyo. Nais ng sumulat na pagtibayin sa kanyang minamahal na tunay ang kanyang damdamin.

Ang Sarung Banggi ay awit din ng pag-ibig. Dito, ang manunulat o mang-aawit ay nagpapahayag ng kanyang damdamin sa isang babae habang naghihintay sa kanyang pagdating.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 26)*

Inaasahan na ang bawat mag-aaral ay magbibigay ng iba't ibang kasagutan.

Narito ang aking sagot:

Oo. Nagustuhan ko ang mga sayaw na isinalarawan sa aralin. Nakapanood na ako ng ilang mga sayaw na ito, at marahil kung magsasanay ay maaari kong maisayaw ang mga ito. Magaganda at makukulay ang suot nilang mga pananamit.

*Subukan Natin Ito (pahina 28)*

A. Inaasahan na magbibigay ang bawat mag-aaral ng iba't ibang kasagutan.

Narito ang maaaring kasagutan:

Gusto ko ang <u>tinikling</u> at <u>binasuan</u>. Nagustuhan ko itong pareho dahil sa mga galaw at kasuotan ng mga mananayaw.

B.

| | | |
|---|---|---|
| PASTAYA | — | SAPATYA |
| SUKATAR | — | KURATSA |
| LIBUS | — | SUBLI |
| KINLITING | — | TINIKLING |
| SENAGERTO | — | REGATONES |
| NUASBIN | — | BINASUAN |

## E. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pahina 30)*

A. Gamitin ang talahanayan upang iwasto ang iyong mga sagot.

| **Nakararaming Katutubong Pangkat** | **Mga Awit** | **Mga Sayaw** |
|---|---|---|
| Tagalog | Dalagang Filipina<br>Cariñosa<br>Sinisinta Kita<br>Sa Kabukiran<br>Bundok Banahaw | Subli |
| Ilocano | Pamulinawen<br>Paskua<br>Sunita, Damdamili | Sakuting |
| Pangasinense | No Siak Sa Mangaro | Binasuan |
| Kapampangan | Atin Cu Pung Singsing | Sapatya |

| Nakararaming Katutubong Pangkat | Mga Awit | Mga Sayaw |
|---|---|---|
| Bicolano | Sarung Banggi<br>Paturog-turog | Saguin-saguin |
| Ilonggo | Ay, Ay Kalisud<br>Ang Alibangbang<br>Lulay<br>Bulak Sang Pilipinas | Regatones |
| Cebuano | Usahay,<br>Ang Kalapati | Kuratsa |
| Waray | Maupay na Pasko, | Tinikling<br>Kaslonan |

B. Maraming iba’t ibang sagot sa mga tanong. Inaasahan ang bawat mag-aaral na magbibigay ng iba’t ibang mga sagot.

Narito ang maaaring kasagutan:

Ang mga Bicolano at mga Pangasinense ay parehong mga relihiyosong tao. Pareho silang nagpaparangal sa kanilang mga patron o santo sa pamamagitan ng prusisyon sa dagat. Bagoong-isda ang pangunahing produkto ng mga Pangasinense. Kilala sila sa paggawa nito. Samantala, abaka ang pangunahing produkto ng mga Bicolano. Kilala ang rehiyon ng Bicol bilang “bayan ng abaka.” Kilala din ang mga Bicolano sa kanilang mga pagkaing may gata ng niyog na may kasamang maanghang na sili.

C. Maraming iba’t ibang sagot sa mga tanong. Inaasahan ang bawat mag-aaral na magbibigay ng iba’t ibang mga sagot.

Narito ang maaaring kasagutan:

Mahalaga para sa atin ang pag-aaral tungkol sa iba’t ibang katutubong pangkat sa ating bansa. Makatutulong ito sa atin upang lubos nating maunawaan ang iba’t ibang nakasanayan sa ating bansa at ang mga katangian ng ating mga kapatid na Pilipino. Makatutulong din ito sa atin upang mapabuti ang ating pakikiharap sa mga taong ating nakikilala sa araw-araw.

## Mga Sanggunian


Bolis, Virginia. My Country and My People: Worktext in Civics and Culture. pp. 23, 30, 41-45, 121-126.

http://pw 1. Netcom.com/-ntamayo/rural.html

http://www.moon.com/travel_matters/hot_off_the_press/philippines_tribes.html

http://www.britannica. com/bcom/eb/article/printable/2/0,5722,115082,00.html

http://www.geocities.com/benneth/banggi.htm